




# Ang Aral ni Manwit

Isinulat ni: Rhoda G. Sausa

Iginuhit ni: Jan Argie A. Lumapay





# COPYRIGHT PAGE


Published by the
LEARNING RESOURCE MANAGEMENT (LRM)
Department of Education
Region VI – Western Visayas
Schools Division of Silay City
Silay City



Copyright 2020

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency of office wherein work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material has been developed by the Curriculum and Instruction Division (CID) of the Department of Education, Division of Silay City. It can be reproduced for educational purposes only. Derivatives of the work including creating an edited version, an enhancement or a supplementary work are permitted provided all original work is acknowledged and the copyright is attributed. No work may be derived from this material for commercial purposes and profit.



**ANG ARAL NI MANWIT**
Written by:

**RHODA G. SAUSA**

Illustrated by:

**JAN ARGIE A. LUMAPAY**

**CARMEL JOY P. AUJERO**
*EPS – LRM*

**JENELYN G. NAVAJAS**
*Division Filipino LR Evaluator/Editor*

**RODELIZA ABAINZA**
*Division Filipino LR Evaluator/Editor*

**ARCELI D. ECO**
*Division Filipino LR Editor*

**EDWIN C. PAMEROYAN**
*Division Filipino LR Evaluator/Editor*


**SEVERINO F. PACETE**
*wExternal LR Evaluator*

*Recommending Approval:*

**FEDERICO P. PILLON, JR.**
*CID Chief*

*Approved by:*

**CYNTHIA G. DEMAVIVAS, CESO V**
*Schools Division Superintendent*

# LEARNING COMPETENCIES:


1. Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento(tauhan, tagpuan, banghay). (F3PBH-Ie-4)
2. Naipapakita ang hilig sa pagbasa (F3PL-Oa-j)



Sa isang palaisdaan ng Mambag-id, may isang batang palaka na mahilig mamasyal nang hindi nagpapaalam sa magulang. Siya si Manwit, ang palakang makulit.

Isang araw kinausap si Manwit ni inang Palaka dahil aalis ito. “Manwit dito ka lang sa ating tirahan, ako’y may mahalagang pupuntahan. Huwag na huwag kang lalapit sa bakuran ni Lolo Mamerto dahil may mabangis itong aso,” sabi ni inang Palaka.

Walang imik si Manwit, dahil nabuo na sa isip niya na mamasyal at manghuhuli ng insekto sa damuhan malapit sa bakuran ni Lolo Mamerto sa araw ding iyon.



Pagkaalis ni Inang Palaka, agad namang lumabas at tumalon talon si Manwit sa may riles. “Doon ako manghuhuli ng insekto sa damuhan malapit sa bakuran ni Lolo Mamerto. Tiyak na maraming insekto doon,” sabi ni Manwit sa sarili.



Nakakita agad siya ng isang matabang langaw pagdating sa damohan. Hinabol niya ito,hanggang sa tabing riles.

Hindi niya alintanang nakapasok na pala siya sa bakuran ni Lolo Mamerto.





Nagulat na lamang siya nang biglang hinabol ng malaking aso. Mabilis na tumalon talon si Manwit papalayo sa aso. Naghabulan silang dalawa sa bakuran ni Lolo Mamerto

Buti na lang at nakalabas si Manwit sa bakuran at naiwan ang aso sa loob.



Mabilis na lumayo si Manwit sa bakuran ni Lolo Mamerto na umiiyak sa sobrang kaba at takot. “Mula ngayon, makikinig na ako kay inang Palaka, “ sabi ni Manwit sa sarili na mangiyak ngiyak pa.

**WAKAS**




Ang Aral
ni Manwit